Crayons *by Arnel Natividad*

Sulong CARHRIHL

ay isang network ng mamamayan na nagtataguyod ng kapayapaan, karapatang pantao at pandaigdigang batas makatao sa mga lugar na apektado ng armadong labanan. Itinataguyod nito ang makahulugang pagpapatupad ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan ng pamahalaan ng Pilipinas at ng National Democratic Front. Ang Sulong CARHRIHL ay nakikipagtulungan sa iba pang mga grupo, indibidwal at sektoral na organisasyon, mga lokal na komunidad, mga religious at akademikong institusyon na mayroong kaparehong paniniwala ukol sa kapayapaan.



Sulong CARHRIHL

Pagsasanay at Edukasyon

Ang mga aktibidad sa Pagsasanay at Edukasyon ng Sulong CARHRIHL ay isinasagawa sa mga lugar o sa mga grupo o sektor na apektado ng armadong labanan. Ang programa ay naglalayong bumuo ng mas malalim na pag-unawa at paghusayin ang kakayahan ng mga kalahok sa pagtataguyod sa karapatang pantao, pandaigdigang batas makatao at peacebuilding.

Ang Sulong CARHRIHL ay nagbibigay din ng specialized trainings na naaangkop at sumasang-ayon sa mga tiyak na alalahanin ng mga komunidad, paaralan, mga propesyonal at mga organisasyon.

Documentation and Monitoring

Ang Sulong CARHRIHL ay nagbabantay at nagdo-dokumento ng mga kaso ng paglabag sa CARHRIHL. Ito ay mayroong database na maaring magamit bilang mapagkukunan ng datos para sa pananaliksik, pagpapatupad ng mga programa at pagbubuo ng mga bagong polisiya.

Bilang third party, ang Sulong CARHRIHL ay hindi nagsasampa ng kaso sa ngalan ng mga biktima ngunit ito ay tumutulong mapadali ang proseso sa pagtuturo ng tamang mga hakbang at paraan ng pakikipag-ordina sa Joint Monitoring Committee (JMC) at iba pang mga partidong may kinalaman dito. Kasama ng mga partners, ito rin ay nagbubuo ng Local Monitoring Teams (LMTs) para tumugon sa mga pangangailangan ng mga indibidwal / komunidad na naapektuhan ng mga paglabag sa CARHRIHL. Ang mga LMTs ay binubuo ng mga partners na may kakayanan sa pagbibigay ng legal, psychosocial, humanitarian at iba pang mga serbisyo.

Ang Sulong CARHRIHL ay nagsasagawa ng mga pagsasanay sa dokumentasyon, gamit ang mga epektibong HR at IHL documentation templates. Ito ay tumulong sa pagbuo at pagpapaunlad ng mga monitoring tools para sa mga katutubong pamayanan at sa pagsusuri at pagpapaunlad ng mga naangkop na pamamaraan ng pagdokumento at pagsubaybay.

Suporta para sa Proseso ng Kapayapaan

Ang Sulong CARHRIHL ay sumusuporta sa makabuluhan at mapayapang kasunduan sa pagitan ng pamahalaan at ng CPP-NPA-NDF. Sinusubaybayan at pinag-aaralan nito ang mga pag-unlad sa usaping pangkapayapaan at ibinabahagi ang mga ito sa mga partners at sa publiko.

Patuloy na hinihikayat ng Sulong CARHRIHL at ng mga partners nito, ang pamahalaan at ang CPP-NPA-NDF, sa pamamagitan ng mga diyalogo, mga konsultasyon, nakasulat na komunikasyon, o ang mass media sa pagnanasang makahanap ng magkakaparehong pamamaraan upang isulong ang pagtalima ng CARHRIHL at humantong sa makatarungan at mapayapang resolusyon ng armadong labanan.

Karapatang Pantao, Tungo sa Kapayapaan

Networking para sa Kapayapaan at Human Rights

Ang Sulong CARHRIHL ay aktibo sa pakikipag-ugnayan sa mga grupo at indibidwal na nakikibahagi sa layunin nito. Ito ay nagbibigay ng mga pagkakataon para sa mas malawak na pag-uusap, pag-aaral at pakikipag-ugnayan, lalo na sa mga iba't-ibang grupo ng katutubo sa buong bansa, sa mga kabataan, kababaihan, guro at media practitioners. Ito ay sumusuporta sa kongkretong aksyon na magtataguyod ng pagtalima ng CARHRIHL at sa mga gawain para sa peacebuilding.

Sa ngayon, ang Sulong CARHRIHL ay nagbibigay suporta sa gawaing pang-kalihiman ng Indigenous Peoples' Network (IPNet) na kinabibilangan ng mga katutubong Dumagat, Aeta, Mangyan, Tingguian at iba pang mga tribu at samahan na positibong tumutugon sa epekto ng armadong labanan sa kanilang komunidad.

Mayroong Sulong Youth Network kung saan nagsasama-sama ang mga mag-aaral at out-of-school youth mula sa mga kanayunan at kalunsuran upang makilahok sa mga inisyatibang HR, IHL at peacebuilding. Pinagpapatuloy ang networking upang bumuo ng katulad na samahan para sa mga kababaihan at mga guro.

Konsultasyon

Ang Sulong CARHRIHL ay nagsasagawa ng mga konsultasyon sa mga lugar na apektado ng armadong labanan. Ang mga konsultasyon ay isang paraan upang masuri ang mga alalahanin ng mga komunidad, kilalanin ang mga paraan ng pagtugon sa mga alalahanin, magbuo ng mga bagong networks, at palawakin ang bilang ng indibidwal na nagsusulong ng HR at kapayapaan.

Bakit isang mahalagang instrumento ang CARHRIHL?

Ang CARHRIHL ay ang unang makabuluhang kasunduan na nilagdaan ng pamahalaan ng Pilipinas at ng Communist Party of the Philippines-New People's Army-National Democratic Front (CPP-NPA-NDF). Ito ay nilagdaan noong 1998, at dahil sa mutual agreement, ay nagkaroon ito ng bisa noong taong 2004.

- Ang CARHRIHL ay nagbibigay ng proteksyon sa mga indibidwal at mga komunidad na direktang naaapektuhan ng labanan, at nagsasaad ng mga kongkretong hakbang upang maisulong ang karapatang pantao at pandaigdigang batas makatao.
- Bilang kasapi sa mga pumirma ng CARHRIHL, ang GRP at ang CPP-NPA-NDF ay parehong may pananagutan para sa kanilang mga aksyon.
- Ito ay nagbibigay ng karagdagang dulugan para sa mga biktima upang humingi ng katarungan para sa mga paglabag mula Agosto 7, 1998.
- Sa pamamagitan ng aktibong pagtataguyod at pagpapatupad, ito ay nagsisilbing isang mekanismo para maiwasan ang paglabag sa karapatang pantao/pandaigdigang batas makatao at tunggalian.
- Ito ay nagtataguyod ng kaugalian kumikilala sa karapatang pantao/pandaigdigang batas makataong sa lahat ng aktor upang makamit ang isang makatarungan at mapayapang lipunan.
- Pinapalawig nito ang kapaligiran para sa mas matibay na kasunduan na maaring humantong sa mapayapang pagresolba ng armadong labanan.

Marami sa mga probisyon ng CARHRIHL ay sinasang-ayunan ng mga kaugnay na batas tulad ng International Humanitarian Law Act (Republic Act No 9851), ang Indigenous Peoples Rights Act (RA8371), ang Magna Carta of Women (RA 9710), ang Anti-Torture Law (RA 9745), ang Special Protection of Children Act (Republic Act No 7610) at ang 1987 Philippine Constitution.

Policy Review, Legislative Advocacy and Research

Ang Sulong CARHRIHL ay naglalathala ng mga policy reviews at researches na mahalaga para sa pagtataguyod nito sa kanyang layunin. Ito ay patuloy na nagsasagawa ng mga pagsusuri at pananaliksik ukol sa extra-judicial killings, sa Citizens Armed Forces Geographic Units (CAFGUs), pagtugon ng mga katutubong pamayanan sa kanilang komunidad na apektado ng armadong labanan, sa pagpapatupad ng CARHRIHL at iba pang inisyatibong lehislatibo.

Ang Sulong CARHRIHL ay kasapi ng Civil Society Initiatives for International Humanitarian Law (CSI-IHL) na sa pamamagitan ng legislative lobbying ay matagumpay na naisabatas ang International Humanitarian Law Act noong 2009. Sinuportahan din nito ang pagsasabatas ng Anti-Toruture Act at nakasama sa Technical Working Group sa House of Representatives (13th Congress) para sa Landmines Bill.

Ang Sulong CARHRIHL ay ang naging pangunahing civil society organization na tumulong sa pagbuo at draft ng National Action Plan on Women, Peace and Security, sa pakikipagtulungan sa Philippine Commission on Women at sa Office of the Presidential Adviser on the Peace Process. Ang NAP ay inilunsad noong March 25, 2010, ito ang magpapatupad ng UN Security Resolutions 1325 and 1820.

Multimedia Resources

Ang Sulong CARHRIHL website ay may koleksyon ng mga batas, policy papers, at mga training materials na may kaugnayan sa karapatang pantao at kapayapaan. Ito din ay naglalaman ng mga video documentaries at audio-based resources na makukuha ng libre. Naglalaman din ito ng mga balita, pahayag, at profile ng mga kasapi sa network.

Ang mga audio materials ng Sulong CARHRIHL ukol sa epekto ng armadong labanan, kahalagahan ng HR at IHL, at mga karanasan ng mga komunidad sa pagtataguyod ng kapayapaan at HR ay napakinggan na sa ilang mga pambansa at lokal na istasyon ng radyo.

Ang Sulong CARHRIHL ay tumatanggap ng volunteers at interns. Maaaring makipag-ugnayan sa amin sa:

Sulong CARHRIHL
24F Malingap St., Teachers Village
West, Diliman, Quezon City 1104
Tel: +63 2 4340289
Telefax: +63 2 4347623
Hotlines: +63 921 6218999
+63 917 5151670
Email: sulongnet@yahoo.com
Web: www.sulongnetwork.ph